Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Pinarangalan ng Diyos ang Alipin na si Jose



Isinulat ni: Edward Hughes
Inilarawan nila: M. Maillot at Lazarus
Ibinagay nila: M. Maillot at Sarah S.
Isinalin ni: Jireh Love
Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2010 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Kahit na walang kasalanan, si Jose ay ipinakulong ng kanyang dating amo na si Potipar. Maging sa kulungan, si Jose ay matapat at matulungin. Inatasan siya ng punong tagabantay na i-ayos ang buhay kulungan. Dahil ang Diyos ay kasama ni Jose maging sa kulungan, naging maganda ang buhay ng ibang mga bilanggo.

Ang panadero ng hari at ang tagapangasiwa ng palasyo ay nasa kulungan din. Isang araw, tinanong sila ni Jose,

Ang sagot nila ay, "Dahil walang sino man ang makapagpaliwanag ng aming mga panaginip."

"Kaya ng Diyos na ipaliwanag ang inyong mga panaginip!" sambit ni Jose. "Sabihin nyo sa akin ang inyong
napanaginipan."

"Pagkatapos ng tatlong araw, magbabalik ang pabor sa iyo ng hari," paliwanag ni Jose sa tagapangasiwa ng palasyo. "Huwag mo akong kalimutan, at ihiling mo sa hari na ako'y palayain."

Sa kabilang banda, ang panaginip ng panadero ay may masamang pahiwatig. "Ikaw ay mamamatay pagkatapos ng tatlong araw," sabi ni Jose. Nagkatotoo ang mga panaginip nila.



Nakalimutan ng tagapangasiwa ng palasyo si Jose hanggang sa isang araw, nagising ang hari na balisa. "Nanaginip ako," sambit niya.



Wala sa kanyang mga tagapayo ang makapaliwanag ng totoong kahulugan ng kanyang panaginip. Sa panahong iyon, naalala ng tagapangasiwa ng palasyo si Jose





na nasa kulungan. Ikwenento nya si Jose sa hari.

Ipinatawag agad ng hari si Jose. "Ang panaginip mo ay mensahe mula sa Diyos," paliwanag ni Jose sa hari. "Makakaranas ang Ehipto ng pitong taong kasaganahan at pagkatapos nito ay pitong taong tag-gutom."

"Magsimula ng magplanong mag-ipon ng pagkain habang panahon pa ng pitong taong kasaganahan," payo ni Jose sa hari, "kung hindi, mamamatay sa gutom ang iyong mga sakop."

"Ang Diyos ay nasa iyo," sabi ng hari. "Ikaw ay mamumuno sa Ehipto bilang pumapangalawa sa akin."

Dumating ang masaganang pitong taon. Sumunod ang pitong taong tag-gutom. Ang pagkain ay paubos na sa lahat ng bayan maliban sa Ehipto kung saan maalam silang nakapag-impok ng napakaraming pagkain. Sa dating bayan ni Jose, ang pamilya ni Jacob ay nakakaranas ng tag-gutom.


Ang mga tao mula sa ibang bansa at lungsod ay dumadayo pa sa Ehipto upang bumili ng mais. "Dapat din kayong pumunta sa Ehipto," utos ni Jacob sa kanyang mga anak, "kung hindi, mamamatay tayo sa gutom." Pagdating sa Ehipto, naghandang bumili ang magkakapatid ng pagkain.

Ang mga anak ni Jacob ay nagsipag-yuko sa punong tagapamahala ng Ehipto. Di nila namukhaan na si Jose, ang kanilang kapatid, ang niyuyukuan nila. Subalit nakilala sila ni Jose at naalala ang kanyang panaginip noong siya ay bata pa. Itinaas ng Diyos si Jose sa kanyang mga kapatid.




Napakatalino ni Jose. Nagpanggap siya na di niya kilala ang kanyang mga kapatid at ikinulong niya si Simeon. Marahas din siyang nakipag-usap sa iba pang kapatid upang di malaman na siya si Jose.


"Kunin ninyo ang pagkain, umuwi kayo, at bumalik na dala ang inyong bunsong kapatid," sugo niya. "Upang malaman ko kung tunay nga na hindi kayo espiya."


Naisip ng magkakapatid na baka pinarurusahan sila ng Diyos dahil sa pagbenta nila sa kapatid nilang si Jose bilang alipin maraming taon na ang nakaraan.

Nalito si Jacob at ang kanyang mga anak. "Ibinalik nila ang pera sa mais, at binilin ng hari na dapat naming isama si Benjamin sa pagbalik doon." Ayaw hayaan ni Jacob si Benjamin na umalis. Ngunit naubos na ang pagkain nila at kinailangan nilang bumalik sa Ehipto. Sumama si Benjamin sa kanila.



Nang makita ni Jose si Benjamin, inutusan niya ang kanyang mga alipin na maghanda ng piyesta. Inimbitahan niya ang kanyang mga kapatid. "Buhay pa ba ang inyong ama?" tanong ni Jose. Siguro, iniisip niya kung paano niya titipunin ang buong pamilya.

Nais din ni Jose na malaman kung totoong nagsisisi ang kanyang mga kapatid sa mga kasalanang nagawa nila noon. Pagkatapos ng piyesta, pinaratangan sila ni Jose ng pagnanakaw. "Bilang parusa, gagawin kong alipin si Benjamin," sabi ni Jose. "Ako na lang po ang kunin ninyo," makaawa ni Judah. Alam ni Jose na si Judah ay talagang nagbago na.


Hindi na ma-itago pa ni Jose ang pagmamahal niya sa kanyang pamilya kaya't pinalabas niya ang mga Ehipto. Umiyak siya at inamin sa mga kapatid, "ako ang kapatid niyo na si Jose na ibinenta ninyo sa Ehipto." Sa gulat at takot, walang nasabi ang kanyang mga kapatid.


Hinikayat ni Jose ang kanyang mga kapatid. "Ginawa ako ng Diyos na puno ng Ehipto upang mailigtas ko kayo sa tag-gutom. Sunduin ninyo ang ating ama. Magmula ngayon, ako na ang bahala sa inyo."

Si Jose at Jacob ay nagkitang muli sa Ehipto,

at ang buong pamilya ay tahimik at masaganang nanirahan ng magkakasama sa Ehipto.

Pinarangalan ng Diyos ang Alipin na si Jose

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Genesis 39-45

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16